

Bukas na ang Aming Listahan ng Paghihintay para sa Pabahay!



Magbubukas na ang mga Listahan ng Paghihintay para sa Pabahay ng Mababang Kita sa Tacoma Nobyembre 14, 2024

Iniiimbihan ng Awtoridad sa Pabahay ng Tacoma (Tacoma Housing Authority) ang mga karapat-dapat na tao na mag-apply para sa mga programa sa abot-kayang pabahay nito. Nag-aalok kami ng dalawang uri ng tulong sa pabahay: mga abot-kayang apartment na pinapaupahan, o isang voucher para matulungan kang bayaran ang upa sa Tacoma. Tatanggap kami ng mga aplikasyon simula:

9 AM Huwebes, ika-14 ng Nobyembre

Narito ang Kailangan Mo para Mag-aplay

1. Buong pangalan at pangunahing impormasyon para sa lahat ng miyembro ng sambahayan mo.
2. Social Security Number para sa mga nasa hustong gulang (18 o mas matanda) na mayroon nito.
3. Taunang kita para sa buong sambahayan.
4. Aktibong email address. Maaari kang gumawa ng email sa gmail.com o outlook.com.
5. Isang rehistradong account sa portal ng serbisyo ng RentCafe ng Tacoma Housing Authority (THA).



I-scan gamit ang camera ng iyong telepono o app ng QR Code

Mag-aplay sa: [Tacomahousing.org/waitlist](https://tacomahousing.org/waitlist)

Para sa mga makatwirang akomodasyon at tulong sa wika, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa **(253) 207-4400** o mag-email sa **waitlist@tacomahousing.org**.

Mga Karaniwang Tanong

Karapat-dapat ba akong mag-apply?

Ang mga sambahayan na mababa ang kita (tingnan ang mga limitasyon ng kita sa ibaba) ng lahat ng sukat ay kwalipikadong mag-aplay para sa mga waitlist.

Dami ng Tao sa Iyong Sambahayan

1 \$40,550	2 \$46,350	3 \$52,150	4 \$57,900	5 \$62,550	6 \$67,200	7 \$71,800	8 \$76,450
----------------------	----------------------	----------------------	----------------------	----------------------	----------------------	----------------------	----------------------

Dapat bang nakatira ako sa Tacoma para mag-apply?

Hindi.

Paano at kailan ako mag-a-apply?

Upang mag-aplay sa waitlist, kakailanganin mong gumawa ng account sa aming [portal ng mga aplikante](#). Kailangan mo ng email address para makapagrehistro at makalikha ng account mo. Pagkatapos magparehistro sa Portal ng Aplikante maaari kang mag-aplay para sa aming mga waitlist simula Nobyembre 14, 2024.

Anong mga waitlist ang maaari kong aplayan?

May tatlong waitlist na maaaring aplayan ng sinuman:

- Ang waitlist para sa Housing Choice Voucher ay para sa mga sambahayan na nais magkaroon ng voucher upang makahanap ng pabahay sa pribadong merkado ng paupahan.
- Ang Family Property Waitlist ay para sa mga sambahayan na nais mag-aplay para sa isang yunit sa mga sumusunod na pag-aari ng THA: Bay Terrace, Bergerson Terrance, Dixon Village, Hillside Terrace, Salishan, at ang Rise sa 19th.
- Ang Waitlist ng Senior/Disabled Property ay para sa mga sambahayan na kwalipikado bilang nakatatanda o may kapansanan at gustong manirahan sa mga sumusunod na ari-arian: 6th Avenue Apartments, E.B. Wilson Apartments, Fawcett Apartments, G Street Apartments, K Street Apartments, Ludwig Apartments, at Wright Street Apartments. Pakitandaan: Ang mga Senior/Disabled property ay mayroon lamang 1-kuwartong tulugan na yunit.

Paano ko malalaman kung kwalipikado ako para sa isang Senior/Disabled Property?

Ang isang nakakatanda na sambahayan ay isa na ang pinuno, asawa, kapwa pinuno, o nag-iisang miyembro ay 62 taong gulang o mas matanda. Ang isang may kapansanan na sambahayan ay isa na ang pinuno, asawa, kapwa pinuno, o nag-iisang miyembro ay isang taong may kapansanan, na napatunayan sa pamamagitan ng pagkolekta ng Insurance sa Kapansanan ng Social Security (Social Security Disability Insurance, SSDI) o Sertipiko ng Kapansanan ng isang Doktor. Mapapatunayan ang pagiging kwalipikado kapag napili ka mula sa waitlist.

Paano ko malalaman kung nasa waitlist ako?

Kapag nag-log in ka sa Portal ng Aplikante, makikita mo ang isang tile na may label na "Waiting List Status." I-click sa tile na iyon upang makita kung sa aling mga waitlist ka nag-aplay at kung ikaw ay "Nasa Listahan" o naalis na. Ang mga aplikante ay tinanggal mula sa isang waitlist kung hindi sila tumugon sa mga komunikasyon sa THA o hindi pa nakumpleto ang buwanang online na pag-check-in upang kumpirmahin ang kanilang interes na manatili sa waitlist sa pamamagitan ng Save My Spot.

Matuto Pa: [Tacomahousing.org/WaitlistFAQ](https://tacomahousing.org/WaitlistFAQ)